# MGA MADALAS ITANONG

March 2026

# WCB Coverage sa Prince Edward Island

### Ano ba ang WCB coverage?

Ang WCB ay nagproprotekta sa mga employer at nagsusuporta sa workers kung may nangyaring pinsala o sakit na may kinalaman sa trabaho, gamit ang no-fault insurance system nito.

### Bilang isang employer, dapat ba mayroon akong WCB Coverage?

Ang lahat ng mga employer na nagpapalakad ng negosyo sa Prince Edward Island at mayroong isa o higit pang workers ay dapat mayroong workers compensation coverage maliban kung sila'y nasa isang industriyang hindi kasali sa Workers Compensation Act. Ang WCB coverage na ito ay para sa lahat ng inyong workers, kasama na ang temporary, part-time, seasonal workers, o mga kapamilyang nasa inyong payroll. Wala kang automatic coverage kung ikaw ay isang may-ari, individual operator, isang executive officer ng isang korporasyon, o direktor ng isang negosyo. Kung gayon ang iyong kaso, maaari kang bumili ng WCB Personal Coverage.

### Paano ba ako magbebenepsiyo sa workers compensation bilang isang employer?

- Ang iyong workers ay tatanggap ng benefits at mga serbisyo para makatulong na mag-recover mula sa mga pinsala sa lugar ng trabaho.
- Ito'y nagbibigay ng proteksyon mula sa mga habla dahil sa pinsalang may kinalaman sa trabaho lpara sa mga employer, mga manggagawa, at iba pa na sakop ng WCB.

### Paano ba ako magrerehistro?

Maaari kang magrehistro gamit ang secure Online Services portal ng WCB sa **wcb.pe.ca** sa pamamagitan ng pagkompleto sa Employer Registration Form. Maaari ka rin magrehistro sa pamamagitan ng pagkompleto sa isang physical copy ng form na available sa WCB website. Ang form ay maaaring dalhin, ipadala sa mail, ipadala sa email, o i-fax sa WCB Office:

**Workers Compensation Board of PEI**
14 Weymouth Street
PO Box 757
Charlottetown PE C1A 7L7
**Fax:** 902-368-5705
**Email:** safetymatters@wcb.pe.ca

### Renewal ng Rehistrasyon

Dapat mong i-renew ang iyong WCB registration hanggang sa Pebrero 28 ng bawat taon. Kapag ikaw ay nag-renew, dapat mong ireport ang iyong aktwal na payroll para sa nakaraang taon at isang estimated payroll para sa kasalukuyang taon. Kapag kinakalkula ang iyong mga aktwal at estimate na payroll, gamitin ang kalendaryong taon – Enero 1 hanggang sa Disyembre 31.

### Para saan ba gagamitin ang aking premiums?

Ang premiums na binayaran ng mga employer ay pinagsasama-sama sa isang accident fund na ginagamit para magbigay ng benefits sa mga napinsalang workers at para suportahan ang prevention, educational, at administrative na mga aktibidad ng WCB.

### Ano ba ang aking mga opsyon sa pagbabayad?

Maaari mong bayaran ang iyong assessments taun-taon, bawat anim na buwan, o buwan-buwan. May mga detalyeng makukuha sa **wcb.pe.ca**.

## Para sa karagdagang impormasyon

Kung mayroon kang mga tanong na hindi saklaw dito o nangangailangan ng higit pang impormasyon, maaari mo kaming tawagan sa pamamagitan ng telepono sa **902-368-5680** o toll-free sa Atlantic Canada sa **1-800-237-5049**. Maaari mo rin kaming maabot sa pamamagitan ng email sa **safetymatters@wcb.pe.ca**. Maaari mo ring bisitahin ang aming website na **wcb.pe.ca**.